

# **Pagtatasa sa Kinalabasan ng Performance sa Assessment of Standards and Skills (PASS) ng mga Mag-Aaral sa Asignaturang Filipino 9 ng Junior High School, Pamantasan ng Bohol**

**CAROLITE C. KIBIR**

[cckibir@universityofbohol.edu.ph](mailto:cckibir@universityofbohol.edu.ph)

<https://orcid.org/0000-0002-9331-0379>

## **ABSTRACT**

Ang pag-aaral ay nakatuon sa Pagtatasa sa Kinalabasan ng Perpormans sa PASS ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 9 ng UBJHS. Layunin nitong matasa ang perpormans sa iba't ibang Kompetensi sa PASS, Summative, Akademik Perpormans batay sa mga kasanayang pampagkatuto sa makrong kasanayang pangkomunikasyon.

Sa ginawang pagsusuri sa mga mga datos natuklasan ang sumusunod: Sa akademik perpormans, ang nakuhang mean ay Mas Mahusay. Sa PASS at Summative, ang nakuhang mean sa Pass ay Mahusay. Sa Summative batay sa antas ng Kompetensi ng mga makrong kasanyang pangkomunikasyon, ang nakuhang mean ay Mas Mahusay. Sa Kaugnayan sa pagitan ng Summative at akademik perpormans, at Kaugnayan sa pagitan ng Pass at akademik perpormans ang walang bisang hypothesis ay tinanggihan ito'y nangangahulugang mayroong makabuluhang antas ng ugnayan.

Batay sa natuklasan inilahad ang sumusunod na konklusyon: ang kasanayan at kakayahan ng mag-aaral ng PASS, Summative, at Akademik Perpormans sa iba't ibang kompetensi ng kasanayang pampagkatuto sa mga makrong kasnyang pangkomunikasyon ay Mas Mahusay, subalit may mag-aaral na hindi umabot sa inaasahan kaya kinakailangan na pagtuunan ng sapat na panahon sa pagtuturo upang maabot ang inaasahang perpormans.

Ang mga sumusunod na rekomendasyon ay inilatag: Pagbisitang muli sa Gabay Kurikulum bilang pagsasakatuparan sa bawat markahan. Bubuo ng programang panlunas upang matugunan ang kakulangan sa pagkatuto sa makrong kasanayan sa pagsulat. Magsagawa ng aytem analisis upang masuri kung alin ang dapat iwaksi at manatili. Dapat ilahad sa mga kinauukulan ang resulta ng pag-aaral upang makagawa ng angkop na aksyon tungo sa mas lalong pagpapabuti.

**Keywords:** Pagtatasa, PASS, Summative, Akademik Perpormans, Makrong Kasanayan, Kasanayang Pampagkatuto

## PANIMULA

Ang guro ay isa sa pinakamahalagang bahagi ng ating lipunan sa larangan ng edukasyon. Sila ang napakamahalagang tao sa buhay ng isang mag-aaral na nagpapanday, humuhubog at lumilintang sa buong pagkatao. Nakasalalay sa kamay ng mga guro ang magiging kinabukasan ng mag-aaral at maging ng kaunlaran ng bayan. (Ryan & Bourke, 2013)

Sa kasalukuyang panahon, ang mga tungkulin at gampanin ng guro ay sadyang napakalawak. Sa ngayon, ang pagtuturo ay isang “multifaceted” profession kung saan hindi lamang gaganap bilang guro, magulang at tagapayo kundi bilang mentor, tagapagdisiplina, tagapagdisenyo, tagaplano, tagapagtaya, tagapagdaloy at ulirang modelo sa lahat ng aspeto kaugnay sa kanyang propesyon. (Lanier, 2018)

Bilang guro sa ika-21 siglo napakalaking hamon sa kakayahan kasama ng pagbabago. Ang mundong ginagalawan ay punumpuno ng kompetisyon lalung-lalo na sa larangan ng edukasyon hindi lamang sa loob ng bansa kundi sa buong mundo kung kaya mahalaga na maihanda ang mga mag-aaral sa global na kompetisyon. Kailangang matugunan ang pangangailangang pang-edukasyon na naaayon sa pangangailangan ng kasalukuyang panahon.

Ang edukasyon ay pundasyon ng kaalaman. Isa ito sa napakamahalagang bagay sa mundo at may napakamahalagang papel na ginagampanan sa pag-unlad ng isang tao at ng pamayanan. Magkaugnay ito sa lahat ng oportunidad at kagalingan ng tao para sa isang maayos na buhay (Battle & Lewis, 2013).

Ang paaralan ay ang institusyon na magtataguyod ng dekalidad na edukasyon na tutugon sa pangangailangan sapagkat ito ang nagsisilbing

pandayan ng kaisipan at hulmahan ng buong pagkatao ng mag-aaral. Dapat na maging tagapanguna ng mga pagbabago ang edukasyon ng isang bansa. Sa ikatatamo ng tunguhing ito, kailangan ng mga kagamitang pampagtuturo ang mga guro bilang suporta sa kurikulum na nagmumula sa administrasyon, ahensyang panlipunan, pribado at publiko, pamahalaang local, media, tahanan at iba pang sector ng lipunan.

Bilang guro sa Filipino na nagtuturo sa mataas na paaralan ay napagtanto na hindi sapat na linangin at hasain lamang ang kakayahang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral kundi mahalaga rin kung paano ito magagamit bilang paghahanda sa reyalidad ng buhay at mundo ng paggawa. Mahalaga na matuklasan ng mananaliksik ang perormans ng mag mag-aaral sa asignaturang Filipino upang mahihinuha ang mga kasanayang pampagkatuto mula sa mga makrong kasanayan na dapat pang linangin at paunlarin para sa mas mabisang pagkatuto ng mga susunod na mag-aaral.

Isang kaparaanan upang matuklasan ang mga kahinaan at kalakasan ng mga mag-aaral ay ang pagpapailalim ng paaralan sa isang pamantayang pagsusulit na Perporformance Assessment of Standards and Skills (PASS) isang kagamitang pagtatasa ng Global Resources for Assessment and Evaluation (GRACE) na siyang susuri at susukat sa lawak ng pagkatuto na tinamo ng mga mag-aaral batay sa mga pamantayang ipinapatupad ng DepEd at magawan ng mungkahing kaparaanan ng pagpapabuti ang kinalabasan ng isinagawang pagtatasa.

#### **Sariling Determinasyon o Motibasyon nina Deci at Ryan (2000).**

Ang pagkakaroon ng panloob at panlabas na motibasyon ng isang mag-aaral na siyang magbubunsod upang gawin ang isang bagay na ninanais na matamo. Sa kanyang sariling determinasyon, gagawa ng sariling pagdedesisyon kung papaano makamit ang mga bagay na ninanais maabot, Sa ganitong paraan, magkakaroon ng control sa sariling buhay at makadama ng self-satisfaction at fulfillment.

**Zone of Proximal Development ni Vygotsky (1934).** Ang kaalamang taglay ng mag-aaral kung ano ang kaya gawin at kung ano ang makakaya pang gawin kapag may isang bihasa o taong may malawak na kaalaman na nagbibigay patnubay, suporta at tulong sa mag-aaral. Mas lalawak pa ang kaalaman at kasanayan ng mag-aaral kung may gurong gumagabay sa kanyang pagkatuto.

**Cognitive Constructivism ni Piaget (1968).** Ang kaalaman ng tao ay nabubuo sa pamamagitan ng mga karanasan at pakikipag-ugnayan at

hindi sa mga impormasyon lamang. Ang guro ay hindi lamang simpleng tagapaghatid ng kaalaman sa mga mag-aaral kundi tagapagdaloy ng pagkatuto. Ginaganyak ang mga mag-aaral sa aktibong pakilahok sa proseso ng sariling pagkatuto.

**Multiple Intelligences ni Gardner (1983).** Ang teoryang ito ay may siyam na uri ng katalinuhan ang tao at ang bawat isa ay nangangailangan ng magkaibang paraan ng pagproseso ng impormasyon upang ang katalinuhang ito ay matugunan. Ang magkakaibang pagdaloy ay nakakabeneepisyo sa mga mag-aaral dahil matutugunan nito ang kaniling pangangailangan sa proseso ng pagkatuto.

**Batayang Legal.** Alinsunod sa Saligang Batas ng Pilipinas (1987), Artikulo XIV, Seksyon 1. Dapat pangalagaan at itaguyod ng estado ang karapatan ng lahat ng mamamayan sa isang dekalidad na edukasyon sa lahat ng antas at dapat magsagawa ng mga angkop na hakbang upang matamo ng lahat ang gayong edukasyon. Sa gayunding artikulo, Seksyon 2 (talata 1), ang estado ay dapat magtatag, magpanatili at magtustos ng isang kumpleto, sapat at pinag-isang sistema ng edukasyong naaangkop sa mga pangangailangan ng sambayanan sa lipunan. Nakasaad din sa gayong artikulo, seksyon 4 (talata 1) Kinikilala ng estado ang mga gampaning komplimentaryo ng mga institusyong pampubliko at pribado sa sistemang pang-edukasyon at dapat itong tumupad ng makatwirang superbisyon at regulasyon sa lahat ng mga institusyong pang-edukasyon.

Sa The Governance of Philippine Basic Education Act of 2001, ang pangkalahatang tunguhin ng batayang edukasyon na: Dapat taglayin ng mga mag-aaral na Pilipino ang mga batayang kasanayan sa literasi at numerasi, kritikal na pag-iisip at kasanayang pagkatuto at kanais-nais na pagpapahalaga upang maging mapagkalinga, makatayo sa sarili, maging produktibo, magkaroon ng kamalayang panlipunan, maging makabayan at responsableng mamamayan.

Ang R.A. No.10029 na tinawag na The Psychology Act of 2009 na isinabatas ng dating Pangulo Gloria Macapagal Arroyo kung saan pinagtibay ang pagkakaroon ng pagtatasa kasama rito ang sikolohikal na pagtatasa upang magbigay implikasyon sa proseso ng pagkatuto at pagtuturo at kung paano maging epektibo ang pagtuturo.

Ang R.A.No.10533 na kilala sa tawag na Enhanced Basic Education Act of 2013 ay pinagtibay ng pamahalaan ang pagnanais na makasabay sa pandaigdigang pangangailangan sa edukasyon ng ideklara nito na: "Ang estado ay bubuo ng isang functional na batayang edukasyon na

lilingang sa isang produktibo at responsableng mamamayang taglay ang mahahalagang kasanayan, kagalingan at pagpapahalaga hindi lang sa panghabambuhay na pagkatuto kundi pati na rin sa empleyo.”

Bilang tugon ay nagpalabas ang Kagawaran ng Edukasyon ng DepEd Order no.31s.2012 ukol sa Policy Guideelines on the Implementation of Grades 1 to 10 of the K to 12 Basic Education Curriculum Effective School year 2012-2013. Kasunod nito ay inilabas ang DepEd Order no.8 s.2015 ukol sa Policy Guidelines on Classroom Assessment for the K to 12 Basic Education Program.Sa kautusang ito ipinahayag ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pagtataya sa klase bilang isang mahalagang bahagi ng implementasyon ng kurikulum.

**Kaugnay na Literatura.** Bilang tugon sa pagnanais na mapaunlad ang sistema at kalidad ng edukasyon sa bansa at para makaagapay sa pagbabagong global, naisabatas ni dating Pangulo Benigno Aquino Jr. ang Republic Act No.10533 o ang Enhanced Basic Education Act of 2013. Isa sa pinahalagahan ng batas na ito ay ang pagkakaroon ng mga pagtatasa sa antas elementarya at sekundarya upang patuloy na masuri ang kalidad ng edukasyong natamo ng bawat mag-aaral. Ipinapatupad ito sa pamamagitan ng DepEd Order no.15 s.2015 o ang “Policy Guideliness on Classroom Assessment for the K to 12 Basic Education Program.”

Sa Education Act of 1953 sa ilalim ng seksyon 3 ipinatutupad na ang primarya ay bubuuin ng 4 na baiting (I-IV) at ang intermedia ay bubuuin ng 3 baitang (V-VII).Ang sumunod na mga survey tulad ng Swanson Survey 1960 ay nagrekomenda ng karagdagang baitang kung saan kumpulsuri na 6 sa elementarya at 5 sa hayskul. Sumunod ang Congressional commission on Education (EDCOM) report (1991) na nagrekomenda na magkaroon ng 1 dagdag na taon, 7 sa elementarya at 5 taon sa sekundarya at sa Presidential commission on Educ. Reforms 2000 iminungkahi ang pagkakaroon ng 1 taong pre-baccalaureate na programa. Sa Presidential Task Force on Education 2008 iminungkahi ang 12 taon na pre-university program.

Noong 1925 pa lamang batay sa mga pag-aaral,napansin ang kahinaan ng kurikulum sa batayang edukasyon kung kaya isa sa naging rekomendasyon sa reporma ay ang magdagdag ng baitang 7 o magdagdag ng isa pang taon sa pag-aaral.Sa sumusunod na isinagawang survey tulad ng Monroe Survey 1925, Prosser Survey 1930 at UNESCO Mission Survey 1949 nakitaan na hindi handa sa ikabubuhay ang mga mag-aaral,natuklasan din ang kahinaan nila sa wika kung kaya inerekomenda

ang pagkakaroon ng baitang 7, pagkakaroon ng pagsasanay sa Agrikultura, komersyo at Industriya at ang pagpapaunlad ng bokasyunal na edukasyon tulad ng shopwork sa baitang 7, pagsasanay ng Practical Arts sa regular na hayskul at kung paano makapagtrabaho, paghahalaman at edukasyong agricultural.

Sa aklat ni Adamos at De Guzman (2018) na pinamagatang “Assessment of Learning,” sinabi nila na sa pagnanais ng paaralan na masukat ang lawak ng kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral kung ano ang kanilang nalalaman at kung ano ang kaya nilang gawin sa kanilang nalalaman, hindi nakapagatataka na ang mga paaralan ay gagawing tiyakan ang pagtataya o pagtatasang isasagawa isa na rito ay ang pagpapailalim ng eskwelahan sa mga pampamantayang pagsusulit.

**Kaugnay na Pag-Aaral.** Ayon sa pag-aaral nina Cradler, Mcnabb, Freeman at Burchett (2002) na “How does Technology Influence Student Learning” sinabi niya na nakatutulong nang malaki sa pagkakaroon ng kasanayan sa mapanuring pag-iisip ang mga mag-aaral kapag gumagamit sila ng technology aided presentation at mga kagamitang pangkomunikasyon sa paglalalahad, pagpapalathala at pagbabahagi ng resulta ng mga proyekto at pananaliksik. Natuklasan din na sa paggamit nila ng internet sa pananaliksik at pagkuha ng datos at impormasyon nagiging independente sila at nagkakaroon mapanuring pag-iisip.

Sa pag-aaral naman nina Sillins at Harvey (2015) na “What makes a Good Senior High School?” sinasabi na napakalaki ang impact na naibibigay ng pamunuan ng paaralan kung nagpapamalas ito ng aktibong pagsuporta at pakikilahok sa pagpapalano ng kurikulum, pagpapaunlad ng guro, ang kultura ng eskwelahan at makikita ito sa mga pagtataya batay sa aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto at sa pag-uugali nila kaugnay sa eskwelahan. Bunga nito ay ang pagkakaroon ng mapayapang kapaligiran ng pagkatuto dahil sa pagkakaunawan, paggalang at pagpapahalaga sa bawat isa.

Ayon naman sa pag-aaral ni Lansangan, Quiambao, Baking, Nicdao, Nuqui & Cruz (2015) na pinamagatang “Correlates of Students’ Academic Performance in intermediate Level”, nabatid na mas natutugunan ang pangangailangan ng mga bata kung maliit lamang ang pamilya at ang mga magulang ay kasamang namumuhay sa kanila. Nagbibigay ito ng positibong epekto sa mga mag-aaral na magkaroon ng motibasyon na mag-aral nang mabuti.

Sa isang pag-aaral nina Dunn, Beaudy at Klaves (1989) na pinamagatang “Survey of Research on Learning Styles”, sinasabi na kung ang estilo o pamamaraan ng pag-aaral ng mag-aaral at ang estilo o paraan ng pagtuturo ng guro ay magkakatugma, higit na mataas ang markang matatamo ng mga mag-aaral lalung-lalo na kung sila ay binibigyan ng kalayaan kung anong estilo ang kanilang gagamitin sa pagkatuto.

Sa ginawang pag-aaral ni Singh, Malik at Singh (2016) na pinamagatang, *Factors Affecting Academic Performance of Students* ay sinasabi na ang perormans ng mga mag-aaral ay mapauunlad kapag nabibigyan sila nang sapat at angkop na pasilidad at kagamitan sa pagkatuto. dagdag pa rito ay mas lalo pang gaganda ang kanilang perormans kapag bibinigyan sila ng eksaktong patnubay at gabay ng mga guro at kanilang mga magulang.

Ayon naman sa pag-aaral nina Salman at Balogun (2015) na “A comparative Study of Students’ Academic Performance in Language ang Literature Courses: English and French Language in Focus”, napagtanto na mas maganda ang naging perormans ng mga mag-aaral sa wika kaysa panitikan. Isa sa itinuturong dahilan ay ang limitadong access ng mga mag-aaral sa mga libro bagamat nagpapahiwatig sila ng kagustuhan na magbasa. Dagdag pa rito ang estadong pinansyal ng mga magulang nila. Isa rin sa dahilan ng mababang perormans ay ang mismong pag-uugali ng mga mag-aaral sa pag-aaral dahil sa mas abala sila sa social networking at mas pinipili nila ito kaysa mag-aral.

Ayon pa kina Moraña, Edaño at Punzalan (2017) sa kanilang pag-aaral na pinamagatang, “Achievement Test and Academic Performance in Mathematics of Second Year High School Students in the Division of Zambales, Philippines, nabatid na mas maraming lalaki ang kalahok ng achievement test at ang kanilang akademik perormans ay nasa antas na katamtaman subalit sa isinagawang achievement test ay nabatid na lubhang mababa ang naging resulta nito o low mastery. Isa sa itinuturong dahilan ng mababang resulta ay ang kalidad ng edukasyon kung kaya isa sa naging rekomendasyon ay ang pagkakaroon ng puspusing pag-eensayo at pagtatasa sa kahinaaan at kalakasan ng mga mag-aaral sa iba’t ibang pagsusulit at siguraduhin na sila ay handa na bago sila haharap sa pambansang pagsusulit.

Sa isang pag-aaral nina Ewetan at Ewetan (2015) na may pamagat na, “Teachers’ Teaching Experience and Academic Performance in Mathermatics and English Language in Public Secondary Schools in Ogun

State, Nigeria”, ay nabatid na may malaking kaugnayan at makabuluhang impluwensya ang mahabang karanasan ng guro sa pagtuturo sa akademik perormans ng mga mag-aaral. Bunga nito, inirerekomenda na kailangang bigyang priyoridad ang pag-eempleyo ng mga propesyunal at kwalipikadong mga guro at masiguro na mananatili sila sa pagtuturo upang magkaroon nang sapat na karanasan. Magagawa ito kung sila ay mabibigyan din ng kaukulang sahod, mga benepisyo, allowances. matiwasay na kapaligiran sa pagtuturo at ang mga pakikilahok sa mga lingkurang pagsasanay para sa kanilang sariling ikauunlad.

Sa kaugnay na pag-aaral nina Abudu at Gbadamosi (2014) na, “Relationship Between Teacher’s Attitude and Student’s Academic Achievement in Senior Secondary School Chemistry”, iniisa-isa rito ang mga dahilan ng mababang perormans ng mga mag-aaral sa chemistry at ito ay ang mababang metodolohiya sa kagamitang pampagtuturo, pag-uugali ng guro, kakulangan ng mga sapat at angkop na pasilidad at kagamaitan at kakulangan nang sapat na kaalaman at background sa agham.

Pinatutunayan ng mga pag-aaral na ito ang mahalagang ugnayan ng paaralan, mga guro, ahensyang may kaugnayan sa edukasyon, tahanan at maging ng kapaligiran sa kanilang napakamahalagang tungkulin sa edukasyon. Ang pagsulong ng ekonomiya ng bansa ay nakabatay sa uri ng edukasyon na natatamo ng bawat mag-aaral at ang tungkuling ito ay nakasalalay sa sistema ng edukasyon mayroon ang isang bansa na tutugon sa pangangailangan ng kanyang mamamayan.

**Ang Suliranin.** Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin at matasa ang tinatawag na antas ng kakayahan ng mga mag-aaral ng Pamantasan ng Bohol, Junior High School Taong Panuruan 2018-2019 batay sa kinalabasan Performance Assessment of Standards and skills(PASS) at magkaroon ng mungkahing kaparaanan ng pagpapabuti.

Sa katiyakan, nilalayan ng pag-aaral na ito na mahanapan ng kasagutan ang sumusunod na mga katanungan:

1. Ano ang perormans ng mga mag-aaral ng filipino 9 batay sa:
  - 1.1. Akademik Perormans;
  - 1.2. Resulta ng summative na pasulit at
  - 1.3. Resulta ng PASS?
2. Ano ang antas ng kompetensi ng mga mag-aaral sa filipino 9 ng Junior High School batay sa resulta ng pagtatasa ng;
  - 2.1. Summative na pasulit,



- 2.2. Resulta ng PASS?
3. Nagkaroon ba ng makabuluhang antas ng ugnayan sa pagitan ng:
  - 3.1. Resulta ng summative na pasulit at akademik perpormans;
  - 3.2. Resulta ng summative na pasulit at PASS at
  - 3.3. Resulta ng PASS at akademik perpormans?
4. Nagkaroon ba ng makabuluhang antas ng baryans sa perpormans ng mag- aaral batay sa:
  - 4.1. Resulta ng summative na pasulit at
  - 4.2. PASS?
5. Anong kaparaanan ng pagpapabuti ang maimumungkahi batay sa kinalabasan ng pag-aaral?

**Null Hipotesis.** Batay sa nakalahad na mga tiyak na suliranin ng pag-aaral, tiniyak sa pananaliksik na ito ang mga hipotesis na siyang sinuri para sa pagtanggap o pagwawalang-bisa nito:

H<sub>0</sub>1. Walang maakbuluhang antas ng ugnayan sa pagitan ng resulta ng summative na pasulit at Akademik Perpormans, Resulta ng Summative na pasulit at PASS na pasulit, resulta ng PASS na pasulit at Akademik Perpormans.

H<sub>0</sub>2. Walang makabuluhang antas ng pagkakaiba sa resulta ng summative na pasulit at PASS na pasulit sa iba't ibang makrong kasanayan.

H<sub>0</sub>3. Walang makabuluhang antas ng baryans sa perpormans ng mga mag-aaral batay sa resulta ng summative na pasulit at PASS na pasulit.

## METODOLOHIYA

**Disenyo.** Ang pag-aaral na ito ay naihananay sa kwantitatibo at sa pagsusuri ng dokumento sa pagkuha ng Akademik Perpormans ng mag-aaral sa Filipino 9 at ang resulta ng PASS na pasulit taong panuruan 2018-2019 at ang resulta ng summative na pasulit na nakaangkla sa mga kasanayang pampagkatuto mula sa apat na makrong kasanayang pangkomunikasyon batay sa Gabay Kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon ng Batayang Edukasyon.

**Instrumento.** Ginamit ng mananaliksik sa pag-aaral na ito ang pinal na akademik perpormans ng mga mag-aaral sa Filipino 9 mula sa kanilang form 138, ang resulta ng PASS na pasulit na isinagawa taong

panuruan 2018-2019 at ang resulta ng summative na pasulit na sariling binuo ng mananaliksik na naaayon sa pamantayan ng paghahanda ng talahanayan ng ispesipikasyon upang mabisang makuha ang mga kinakailangang datos sa pag-aaral. Saklaw ng nasabing pasulit ang mga piling kasanayang pampagkatuto mula sa apat na makrong kasanayan sa apat na markahan upang ito ay maging tugma sa mga makrong kasanayang pangkomunikasyong ginamit ng PASS.

Ang pokus ng pag-aaral ay binubuo ng 61 mag-aaral ng Junior High School, Pamantasan ng Bohol sa asignaturang Filipino 9 mula sa isandaan at pitumpu't limang (175) mag-aaral, Taong Panuruan 2018-2019. Ito ay nahahati sa apat na pangkat. Ang mga respondente sa apat na pangkat kung saan may 61 mag-aaral na aktwal na nakilahok sa pag-aaral sa orihinal na 175 mag-aaral. May 42 mag-aaral sa pangkat Prudence, 15 lama ang aktwal na nakisali na may 24.59% at pangatlo sa ranggo. Ang pangkat Diligence ay may 44 na mag-aaral at 16 lamang ang aktwal na nakisali na may 26.23% at pangalawa sa ranggo. Ang pangkat Fortitude ay may 42 mag-aaral at 7 lamang ang aktwal na nakisali na may 11.48% at pang-apat sa ranggo. Ang pangkat Fidelity ay 47 at 23 mag-aaral ang aktwal na nakisali na may 37.71% at nangunguna sa ranggo ng may pinakamaraming respondent.

### **PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT INTERPRETASYON NG MGA DATOS**

**Akademik Perpormans ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino 9.** Ang Talahanayan 1 ay naglalahad ng akademik perpormans ng mga mag-aaral sa Filipino 9. Makikita rito na nangunguna ang deskripsyong Mas Mahusay na may daming 26 na mag-aaral o 42.62 bahagdan, kasunod ang Deskripsyong Mahusay na may daming 15 mag-aaral o 24.59 bahagdan, pangatlo ang deskripsyong Pinakamahusay na may daming 12 mag-aaral o 19.67 bahagdan. Pang-apat ang deskripsyong Di-Gaanong mahusay na may daming 8 mag-aaral o 13.12 bahagdan. Nangangahulugan na ang lahat ng mag-aaral ay pumasa sa asignaturang Filipino. Ang natamong mean ay 85.94 na nangangahulugang Mas Mahusay.

Talahanayan 1. Akademik Perpormans ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino 9 (N = 61)

DESKRIPSYON			F	%	RANK
Pinakamahusay	(PM)	90 - 100	12	19.67	3
Mas Mahusay	(MM)	85 - 89	26	42.62	1
Mahusay	(M)	80 - 84	15	24.59	2
Di-Gaanong Mahusay	(DGM)	75 - 79	8	13.12	4
Hindi Umabot sa Inaasahan	(HUSI)	Below 75	0	0	5
<b>Total</b>			<b>61</b>	<b>100.00</b>	
<b>Mean</b>			<b>85.94</b>	<b>Very Satisfactory</b>	
Below the Mean			32	52.46	1
Above the Mean			29	47.54	2
<b>Total</b>			<b>61</b>	<b>100.00</b>	

**Perpormans ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino 9 sa Summative na Pasulit.** Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng resulta sa perpormans ng mga mag-aaral sa Summative na pasulit, kung saan nangunguna ang deskripsyong Hindi Umabot sa Inaasahan na may daming 19 mag-aaral o 31.15 bahagdan, sinundan ito ng deskripsyong Pinakamahusay sa daming 13 mag-aaral o 21.31 bahagdan, pangatlo ang deskripsyong Mas Mahusay na may daming 12 mag-aaral o 19.67 bahagdan. Pang-apat ang deskripsyong Mahusay sa daming 9 na mag-aaral o 14.75 bahagdan at pinakahuli ang deskripsyong Di-Gaanong Mahusay na may daming 8 mag-aaral o 13.12 bahagdan. Nangangahulugan ito na sa 61 mag-aaral ay mayroong 19 na mag-aaral ang may napakababang perpormans at 34 na mag-aaral ang may mataas na perpormans. Ang natamong mean ay 78.64 na nangangahulugang Di-Gaanong mahusay.

Talahanayan 2. Perpormans ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino 9 sa Summative na Pasulit (N = 61)

DESKRIPSYON			F	%	RANK
Pinakamahusay	(PM)	90 - 100	13	21.31	2
Mas Mahusay	(MM)	85 - 89	12	19.67	3
Mahusay	(M)	80 - 84	9	14.75	4
Di-Gaanong Mahusay	(DGM)	75 - 79	8	13.12	5
Hindi Umabot sa Inaasahan	(HUSI)	Below 75	19	31.15	1
<b>Total</b>			<b>61</b>	<b>100.00</b>	
<b>Mean</b>			<b>78.64</b>	<b>Fairly Satisfactory</b>	
Below the Mean			25	40.98	
Above the Mean			36	59.02	
<b>Total</b>			<b>61</b>	<b>100.00</b>	

**Resulta ng PASS na pasulit ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino 9.** Matutunghayan sa Talahanayan 3 ang mga datos sa resulta ng isinagawang PASS na pasulit sa mga mag- aaral ng asignaturang Filipino 9. Nangunguna rito ang deskripsyong Approaching Proficiency sa daming 35 mag-aaral o 57.38 bahagdan, kasunod nito ang deskripsyong Proficient na may daming 17 mag-aaral o 27.87 bahagdan. Pangatlo ang deskripsyong Developing sa daming 9 na mag-aaral o 14.75 bahagdan. Kapwa walang nakapagtamo sa deskripsyong Advanced at Beginning. Nangangahulugan ito na may 52 mag-aaral na nakakuha ng mataas na perpormans sa PASS na pasulit. Ang natamong mean ay 53.84 na may deskripsyong Approaching Proficiency.

Talahanayan 3. Resulta ng PASS na Pasulit ng mga Mag-aaral ng Asignaturang Filipino 9 (N = 61)

DESCRIPTION		F	PASS %	RANK
Advanced	81 - 100	0	0	4.5
Proficient	61 - 80	17	27.87	2
Approaching Proficiency	41 - 60	35	57.38	1
Developing	21 - 40	9	14.75	3
Beginning	0 - 20	0	0	4.5
<b>Total</b>		<b>61</b>	<b>100.00</b>	
<b>Mean</b>		<b>53.84</b>		
		<b>Approaching Proficiency</b>		
Below the Mean		24	39.34	
Above the Mean		37	60.66	
<b>Total</b>		<b>61</b>	<b>100.00</b>	

**Resulta ng Summative na Pasulit Batay sa Antas ng Kompetensi sa mga Makrong Kasanayang Pangkomunikasyon.** Matutunghayan sa Talahanayan 4 ang mga datos sa resulta ng isinagawang summative na pasulit batay sa antas ng kompetensi sa mga makrong kasanayang pangkomunikasyon sa Filipino 9. Ang antas ng kompetensi na nangunguna batay sa mean ay ang makrong kasanayang Wika at Gramatika na may deskripsyong Mas Mahusay at mean na 88.52 bahagdan, kasunod dito ay ang makrong kasanayan na Pag-unawa sa Binasa na may deskripsyong Mahusay at mean na 82.51 bahagdan. Pangatlo ang makrong kasanayan na Paglinang ng Talasalitaan na ang mean ay 72.85 at ang panghuli ay ang Pagsulat na may mean na 70.66. Ang makrong kasanayang Paglinang ng Talasalitaan at Pagsulat ay kapwa may deskripsyon na Hindi umabot sa Inaasahan. Nangangahulugan lamang na sa apat na makrong kasanayan, mas naipamamalas nila ang galing sa Wika at Gramatika at Pag-unawa sa Binasa.

Talahanayan 4. Resulta ng Summative na Pasulit Batay sa Antas ng Kompetensi sa mga Makrong Kasanayang Pangkomunikasyon

Makrong Kasanayan Deskripsyon	Pag-unawa sa Binasa		Paglinang sa Talasalitaan		Pagsulat		Wika at Gramatika		Kabuuhan	
	F	%	F	%	F	%	F	%	F	%
Pinakamahusay (P) 90 - 100	17	27.87	1	1.64	23	37.70	43	70.49	13	21.31
Mas Mahusay (VS) 85-89	23	37.70	11	18.03	0	0.00	4	6.56	12	19.67
Mahusay (S) 80-84	0	0.00	10	16.39	8	13.11	2	3.28	9	14.75
Di-gaanong Mahusay (FS) 75-79	10	16.39	9	14.75	0	0.00	5	8.20	8	13.11
Hindi Umabot sa Inaasahan Below 75 (HUSI)	11	18.03	30	49.18	30	49.18	7	11.48	19	31.15
<b>Total</b>	<b>61</b>	<b>100</b>	<b>61</b>	<b>100</b>	<b>61</b>	<b>100</b>	<b>61</b>	<b>100</b>	<b>61</b>	<b>100</b>
<b>Mean</b>	<b>82.51 M</b>		<b>72.85 HUSI</b>		<b>70.66 HUSI</b>		<b>88.52 MM</b>		<b>78.64 DM</b>	

**Resulta ng Pass na Pasulit Batay sa Antas ng Kompetensi sa mga Makrong Kasanayang Pangkomunikasyon ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino 9.** Inilalahad sa Talahanayan 5 ang mga datos sa resulta ng isinagawang PASS na pasulit ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 9 batay sa antas ng kompetensi sa mga

makrong kasanayang pangkomunikasyon. Ang antas ng kompetensi na nangunguna batay sa mean ay ang makrong kasanayang Paglinang ng Talasalitaan na may 59.49 bahagdan, kasunod dito ay ang makrong kasanayan na wika at gramatika na may 54.90 bahagdan. Pangatlo ang makrong kasanayan na Pag-unawa sa Binasa na may 55.25 bahagdan. Ang nabanggit na 3 makrong kasanayan ay kapwa may deskripsyon na Approaching Proficiency. Pang-apat ang makrong kasanayan na Pagsulat na may 37.15 bahagdan at deskripsyon na Developing. Nangangahulugan ito na sa apat na makrong kasanayan, mas naipamamalas nila ang husay sa Paglinang ng Talasalitaan, Wika at Gramatika at Pag-unawa sa Binasa. Ang kabuuang mean na natamo ay 53.84 na may deskripsyong Approaching Proficiency.

**Talahanayan 5. Resulta ng Pass na Pasulit Batay sa Antas ng Kompetensi sa mga Makrong Kasanayang Pangkomunikasyon**

Makrong Kasanayan Deskripsyon	Pag-unawa sa Binasa		Paglinang sa Talasalitaan		Pagsulat		Wika at Gramatika		Kabuuang	
	F	%	F	%	F	%	F	%	F	%
Advanced (81 - 100)	0	0.00	9	14.75	1	1.64	4	6.56	0	0.00
Proficient (61 - 80)	22	36.07	28	45.90	5	8.20	21	34.43	17	27.87
Approaching Proficiency (41 - 60)	29	47.54	11	18.03	20	32.79	25	40.98	35	57.38
Developing (21 - 40)	10	16.39	10	16.39	19	31.15	10	16.39	9	14.75
Beginning (0 - 20)	0	0.00	3	4.92	16	26.23	1	1.64	0	0.00
<b>Total</b>	<b>61</b>	<b>100</b>	<b>61</b>	<b>100</b>	<b>61</b>	<b>100</b>	<b>61</b>	<b>100</b>	<b>61</b>	<b>100</b>
<b>Mean</b>	<b>55.25</b>		<b>59.49</b>		<b>37.15</b>		<b>54.90</b>		<b>53.84</b>	
	<b>Approaching proficiency</b>		<b>Approaching Proficiency</b>		<b>Developing</b>		<b>Approaching Proficiency</b>		<b>Approaching Proficiency</b>	

**Kaugnayan sa Pagitan ng Resulta ng Summative na Pasulit at Akademik Perpormans ng mga Mag-Aaral sa Asignaturang Filipino 9.** Ang Talahanayan 6 ay nagpapakita ng mga datos kaugnay sa kaugnayan sa pagitan ng resulta ng Summative na pasulit at Akademik Perpormans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 9. Makikita sa talahanayan na ito ang kompyuted r balyu ay 0.58276 na mataas kaysa sa kritikal balyu na 0.2523 sa 59 degree of freedom sa 0.05 na antas ng kabuluhan. Ito'y

nangangahulungan ng walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng resulta ng Summative na pasulit at Akademik Perpormans ng mga mag-aaral sa kanilang asignaturang Filipino kung kaya ang walang bisang null hypothesis ay tinanggap.

Talahanayan 6. Kaugnayan sa Pagitan ng Resulta ng Summative na Pasulit at Akademik Perpormans ng mga Mag-Aaral sa Asignaturang Filipino 9 (N= 61)

	Summative Na Pasulit		Pinal na Akademik Perpormans		XY
	X	X <sup>2</sup>	Y	Y <sup>2</sup>	
Sum	4796.77	389015.61	5242.25	451949.56	414630.14
Mean	78.64		85.94		
<p>r = <b>0.58276</b>  critical value of <i>r</i> at 59 df, 0.05 level of significance = <b>0.2523</b>  Result: <b>Significant</b>  Ho : <b>Rejected Ho</b></p>					

**Kaugnayan sa Pagitan ng Resulta ng Summative na Pasulit at Pass na Pasulit ng mga Mag-Aaral sa Asignaturang Filipino 9.** Ang Talahanayan 7 ay nagpapakita ng mga datos kaugnay sa kaugnayan sa pagitan ng resulta ng Summative na pasulit at pasulit ng PASS ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 9. Makikita sa talahanayan na ito ang kompyuted *r* balyu ay 0.47204 na mataas kaysa sa kritikal balyu na 0.2523 sa 59 degree of freedom sa 0.05 na antas ng kabuluhan. Ito'y nangangahulungan na mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng resulta ng Summative na pasulit at pasulit ng PASS ng mga mag-aaral sa kanilang asignaturang Filipino. Ang walang bisang null hypothesis ay tinanggap.

Talahanayan 7. Kaugnayan sa Pagitan ng Resulta ng Summative at Pass na Pasulit ng mga Mag-Aaral sa Asignaturang Filipino 9 (N=61)

	Summative na Pasulit		PASS na Pasulit		XY
	X	X <sup>2</sup>	Y	Y <sup>2</sup>	
Sum	4796.77	389015.61	3284.00	185144.00	262927.50
Mean	78.64		53.84		
<p>r = <b>0.47204</b>  critical value of <i>r</i> at 59 df, 0.05 level of significance = <b>0.2523</b>  Result: <b>Significant</b>  Ho : <b>Reject Ho</b></p>					

**Kaugnayan sa Pagitan ng Resulta ng Pass ng Pasulit at Pinal na Akademik Performans ng mga Mag-Aaral sa Asignaturang Filipino 9.** Ang Talahanayan 8 ay nagpapakita ng mga datos kaugnay sa kaugnayan sa pagitan ng resulta ng PASS na pasulit at ang pinal na akademik performans mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 9. Makikita sa talahanayan na ito ang kompyuted r balyu ay 0.61097 na mataas kaysa sa kritikal balyu na 0.2523 sa 59 degree of freedom sa 0.05 na antas ng kabuluhan. Ito'y nangangahulungan na mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng resulta ng PASS na pasulit at pasulit ng Pinal na Akademik Performans ng mga mag-aaral sa kanilang asignaturang Filipino. Ang walang bisang null hypothesis ay tinanggihan.

Ang resulta ng PASS na pasulit at ang pinal na marka o grado ay hindi palaging nagtutugma. Ang grado ay ang pangkabuuang resulta ng performans ng mag-aaral sa bawat markahan kung saan saklaw ng pagmamarka ang pasulat na gawain/pasulit (written works), ang gawaing pagganap (performance task) at ang pamperyodikong pagsusulit (Quarterly assessment). Sakaling mababa ang nakuhang iskor sa pamperyodikong pagsusulit na bahagi lamang ng kabuuan, at mataas ang iskor sa gawaing pagganap at pasulat na gawain, ang kababaang ito ay mapupunuan ayon sa kabuuang resulta ng pagmamarka.

Talahanayan 8. Kaugnayan Sa Pagitan Ng Resulta Ng Pass Na Pasulit At Akademik Performans Ng Mga Mag-Aaral Sa Asignaturang Filipino 9 (N= 61)

	PASS na Pasulit		Pinal na Akademik Performans		XY
	X	X <sup>2</sup>	Y	Y <sup>2</sup>	
Sum	3284.00	185144.00	5242.25	451949.56	284339.00
Mean	53.84		85.94		
$r = 0.61097$ critical value of $r$ at 59 df, 0.05 level of significance = <b>0.2523</b> Result : <b>Significant</b> Ho : <b>Reject Ho</b>					

**Makabuluhang Antas ng Pagsusuri ng Baryans sa mga Makrong Kasanayang Pangkomunikasyon ng Summative na Pasulit.** Ang Talahanayan 9 ay nagpapakita ng mga datos hinggil sa makabuluhang antas ng pagsusuri sa mga makrong kasanayang pangkomunikasyon ng Summative na pasulit kung saan sa makrong kasanayang



pangkomunikasyon na Paglinang ng Talasalitaan sa animnapu't isang mag-aaral sa asignaturang Filipino 9, average na 72.884836 at ang baryans nito ay 158.5601, sa kasanayang pangkomunikasyon na Pag-unawa sa Binasa, nakakuha ng average na 82.51366, ang kasanayang pangkomunikasyon naman na Wika at Gramatika ay nakakuha ng average na 88.52459 at ang kasanayang pangkomunikasyon na Pagsulat ay nakakuha ng average na 70.65574. Sa ginawang pagsusuri ng baryans sa pagitan ng mga makrong kasanayang pangkomunikasyon ng Summative na pasulit ang F balyu ay 9.2723 na mataas kaysa sa kritikal balyu na 2.6422 sa 0.05 antas ng kabuluhan na ang ibig sabihin ay mayroong makabuluhang antas ng baryans sa perormans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 9 sa mga makrong kasanayang pangkomunikasyon. Ang walang bisang null hypothesis ay tinanggihan.

Talahanayan 9. Makabuluhang Antas ng Pagsusuri ng Baryans sa mga Makrong Kasanayang Pangkomunikasyon ng Summative na Pasulit (N=61)

<i>Groups</i>	<i>Count</i>	<i>Sum</i>	<i>Average</i>	<i>Variance</i>
Pag-unawa sa Binasa (PB)	61	5033.333	82.51366	388.7202
Paglinang ng Talasalitaan (PT)	61	4443.75	72.84836	158.5601
Pagsulat (PU)	61	4310	70.65574	1076.23
Wika at Gramatika (WG)	61	5400	88.52459	218.5508

#### ANOVA: Single Factor SUMMARY ANOVA

<i>Source of Variation</i>	<i>SS</i>	<i>df</i>	<i>MS</i>	<i>F</i>	<i>P-value</i>	<i>F crit @ 0.05</i>
Between Groups	12810.11	3	4270.04	9.2723	0.0000	2.6422
Within Groups	110523.6	240	460.52			
<b>Total</b>	<b>123333.7</b>	<b>243</b>				

Result: **Significant**

H<sub>0</sub>: **Reject H<sub>0</sub>**

**Maramihang Paghahambing Gamit ang Scheffe's Test sa mga Makrong Kasanayang Pangkomunikasyon ng Summative na Pasulit.** Ang Talahanayan 10 ay naglalahad ng F-test kung saan mayroong makabuluhang antas ng baryans sa mga makrong kasanayang sinuri, subalit sa kung saan nakasalalay ang baryans, idinaan pa sa Scheffe's Test na pagsusuri at natuklasan sa ginawang maramihang paghahambing ay

mayroong makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagpapares sa pagitan ng PB vs PU, PT vs WG, PU vs WG ay nagpapakita ng makabuluhang resulta. Ito'y nangangahulugan na mayroong makabuluhang antas ng pagkakaiba sa baryans sa summative na pasulit sa mga makrong kasanayang pangkomunikasyon.

Talahanayan 10. Maramihang Paghahambing Gamit ang Scheffe's Test sa mga Makrong Kasanayang Pangkomunikasyon ng Summative na Pasulit

Dimensions	F'	(F @ 0.05) (k-1)	Interpretation
PB vs PT	6.19	7.93	Insignificant
PB vs PU	<b>9.31</b>	7.93	<b>Significant</b>
PB vs WG	2.39	7.93	Insignificant
PT vs PU	0.32	7.93	Insignificant
PT vs WG	<b>16.28</b>	7.93	<b>Significant</b>
PU vs WG	<b>21.15</b>	7.93	<b>Significant</b>

**Makabuluhang Antas ng Pagsusuri ng Baryans sa mga Makrong Kasanayang Pangkomunikasyon ng Pass na Pasulit.** Ang Talahanayan 11 ay nagpapakita ng mga datos hinggil sa makabuluhang antas ng pagsusuri sa mga makrong kasanayan ng PASS na pasulit kung saan sa makrong kasanayann na Pag-unawa sa Binasa, sa animnapu't isang ng mag-aaral sa asignaturang Filipino 9, nakakuha ng average na 55.25 at ang baryans nito ay 167.86, sa makrong kasanayan na Paglinang sa Talasalitaan, nakakuha ng average na 59.49 at ang baryans nito ay 381.32, ang makrong kasanayang naman na Pagsulat ay nakakuha ng average na 37.15 at ang baryans nito ay 373.79, at sa makrong kasanayan na Wika at Gramatika ay nakakuha ng average na 54.90 at ang baryans nito ay 272.12. Sa ginawang pagsusuri ng baryans sa pagitan ng mga makrong kasanayang pangkomunikasyon ng PASS na pasulit ang F balyu ay 20.09763 na mataas kaysa sa kritikal balyu na 2.6422 sa 0.05 antas ng kabuluhan na ang ibig sabihin ay mayroong makabuluhang antas ng baryans sa perormans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 9 sa mga makrong kasanayang pangkomunikasyon. Ang walang bisang null hypothesis ay tinanggihan.

Talahanayan 11. Maramihang Paghahambing Gamit ang Scheffe's Test sa mga Makrong Kasanayang Pangkomunikasyon ng Pass na Pasulit (N=61)

ANOVA: Single Factor  
SUMMARY

<i>Groups</i>	<i>Count</i>	<i>Sum</i>	<i>Average</i>	<i>Variance</i>
Pag-unawa sa Binasa	61	3370	55.25	167.86
Paglinang sa Talasalitaan	61	3629	59.49	381.32
Pagsulat	61	2266	37.15	373.79
Wika at Gramatika	61	3349	54.90	272.12

ANOVA

<i>Source of Variation</i>	<i>SS</i>	<i>df</i>	<i>MS</i>	<i>F</i>	<i>P-value</i>	<i>F crit @0.05</i>
Between Groups	18013.92	3	6004.639	20.09763	1.18E-11	2.6422
Within Groups	71705.64	240	298.7735			
<b>Total</b>	<b>89719.56</b>	<b>243</b>				

Result: **Significant**  
H<sub>0</sub> : **Reject Ho**

**Maramihang Paghahambing Gamit ang Scheffe's Test sa mga Makrong Kasanayang Pangkomunikasyon ng Pass na Pasulit.** Upang matukoy kung saan nakasalalay ang baryans sa ginawang maramihang paghahambing sa mga makrong kasanayang pangkomunikasyon, ang mga datos na makikita sa Talahanayan 12 ay idinaan sa pagsusuri gamit ang Scheffe's Test at natuklasan na mayroong makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagpapares sa pagitan ng PT vs PU, gayundin ang pares na PU vs WG. Ito'y nangangahulugan na sa mga makrong kasanayang pangkomunikasyon ang PU ang nakapagtala ng pinakamababang masteri ng kasanayan. Ito ay tiyakang makikita sa nasabing talahanayan na kung saan napakaliit kung ihahambing sa iba pang mga makrong kasanayang sinuri.

Talahanayan 12. Maramihang Paghahambing Gamit ang Scheffe's Test sa mga Makrong Kasanayang Pangkomunikasyon ng Pass na Pasulit

Dimensions	F'	(F @ 0.05)(k-1)	Interpretation
Pb vs PT	1.84	7.93	Insignificant
PB vs PU	1.85	7.93	Insignificant
PB vs WG	0.01	7.93	Insignificant
PT vs PU	<b>50.97</b>	7.93	<b>Significant</b>
PT vs WG	2.28	7.93	Insignificant
PU vs WG	<b>32.18</b>	7.93	<b>Significant</b>

### PAGLALAGOM NG KINALABASAN, KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Pagkatapos ng isang masusing pagsusuri sa mga datos na nailahad, natuklasan ng mananaliksik ang mga sumusunod na kinalabasan:

**Akademik perpormans ng mga mag-aaral.** Batay sa ginawang istadistika na pagsusuri sa akademik perpormans ng mga mag-aaral, natuklasan na karamihan o nangunguna sa dami ang mga mag-aaral na nakakuha ng marka na nasa 85-89 na may deskripsyong mas mahusay, pangalawa sa dami ng mga mag-aaral ang nakakuha ng markang 80-84 na may deskripsyong mahusay, samantalang pangatlo sa dami ng mga mag-aaral ang nakakuha ng markang 90-100 na may deskripsyong pinakamahusay at panghuli sa dami ng mga mag-aaral ang nakakuha ng markang 75-79 na may deskripsyong di-gaanong mahusay. Natuklasan sa ginawang pagsusuring istadistika ang nakuhang mean ng akademik perpormans ng mga mag-aaral ay may markang 85.94 na may deskripsyong mas mahusay.

**Resulta ng Summative na Pasulit.** Ang resulta ng Summative na pasulit ay dumaan sa istadistikang pagsusuri kung saan nangunguna sa dami ng mga mag-aaral ang nakakuha ng perpormans na mababa sa 75 na may deskripsyon na hindi umabot sa inaasahan, pangalawa sa dami ng mga mag-aaral ang nakakuha ng perpormans na nasa 90-100 na may deskripsyon na pinakamahusay, samantalang pangatlo sa dami ng mga mag-aaral ang nakakuha ng perpormans na nasa 85-89 na may deskripsyong mas mahusay at pang-apat sa dami ng mga mag-aaral ang nakakuha ng perpormans na nasa 80-84 na may deskripsyong mahusay at panghuli sa dami ng mga mag-aaral ang nakakuha ng perpormans na

nasa 75-79 na may deskripsyong di-gaanong mahusay. Natuklasan sa ginawang pagsusuring istadistika ang nakuhang mean sa Summative na pasulit ay may markang 78.64 na may katumbas na deskripsyon na di-gaanong mahusay.

**Resulta ng PASS.** Ang resulta ng PASS na pasulit sa ay dumaan sa istadistikang pagsusuri kung saan nangunguna sa dami ng mga mag-aaral ang nakakuha ng perormans na nasa 41-60 na may deskripsyong Approaching Proficiency, pangalawa sa dami ng mga mag-aaral ang nakakuha ng perormans na nasa 61-80 na may deskripsyong proficient, samantalang pangatlo sa dami ng mga mag-aaral ang nakakuha ng perormans na nasa 21-40 na may deskripsyong developing. Natuklasan sa ginawang pagsusuring istadistika ang nakuhang mean sa Pass na pasulit ay may markang 53.84 na may katumbas na approaching proficiency.

**Pagsusuri sa resulta ng Summative na pasulit batay sa antas ng kompetensi sa mga makrong kasanayang pangkomunikasyon.** Sa inilahad na mga datos kaugnay sa resulta ng Summative na pasulit batay sa antas ng kompetensi ng mga kasanayang pangkomunikasyon at natuklasan sa ginawang istadistikang pagsusuri sa apat na mga kasanayang pangkomunikasyon na ang Wika at Gramatika ay nakakuha ng perormans na ang katumbas na deskripsyon ay mas mahusay, ang kasanayang pangkomunikasyon na Pag-unawa sa Binasa ay nakakuha ng perormans na mahusay samantalang ang Paglinang ng Ttalasalitaan at Pagsulat ay nakakuha ng perormans na may katumbas na deskripsyon na hindi umabot sa inaasahan. Sa kabuuang pagsusuri sa resulta ng Summative na pasulit batay sa mga makrong kasanayang pangkomunikasyon ito ay nakakuha ng perormans na markang hindi umabot sa inaasahan.

**Pagsusuri sa resulta ng Pass batay sa antas ng kompetensi sa mga makrong kasanayang Pangkomunikasyon.** Natuklasan sa ginawang istadistikang pagsusuri kaugnay sa resulta ng PASS na pasulit sa antas ng kompetensi sa apat na mga makrong kasanayan, ang Pag-unawa sa Binasa, Paglinang ng Talasalitaan at Wika at Gramatika ay nakakuha ng perormans na ang katumbas na deskripsyon ay Approaching Proficiency, samantalang ang makrong kasanayan na pagsulat ay nakakuha lamang ng perormans na may katumbas na deskripsyon na developing. Sa kabuuang pagsusuri sa resulta ng Pass na pasulit, ito ay nakakuha ng perormans na markang **approaching proficiency**.

**Kaugnayan sa pagitan ng resulta ng Summative na pasulit at akademik perpomans.** Sa ginawang pagsusuri ng mga datos, ang nakalap na datos ay sumailalim sa makabuluhang pagsusuri gamit ang pearson product moment of correlation, at natuklasan na ang walang bisang hypothesis ay tinanggihan.

Ito ay nagpapakita na ang computed value ng  $r$  ay 0.58276 na kung saan ay mas mataas kaysa sa critical value na 0.2523 gamit ang 0.05 na antas ng kabuluhan batay sa 59 na degree of freedom, at ito'y nangangahulugan na mayroong makabuluhang antas ng ugnayan sa pagitan ng resulta ng Summative na pasulit at Akademik perpomans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 9.

**Kaugnayan sa pagitan ng resulta Summative na pasulit at PASS ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 9.** Sa ginawang pagsusuri ng mga datos hinggil sa kaugnayan sa pagitan ng resulta ng pasulit ng Pass at akademik perpomans ang nakalap na datos ay sumailalim sa makabuluhang pagsusuri gamit ang pearson product moment correlation, at natuklasan na ang walang bisang hypothesis ay tinanggihan.

Ito ay nagpapakita na ang computed value ng  $r$  ay 0.47204 na kung saan ay mas mataas kaysa sa critical value na 0.2523 gamit ang 0.05 na antas ng kabuluhan batay sa 59 na degree of freedom, at ito'y nangangahulugan na mayroong makabuluhang antas ng ugnayan sa pagitan ng resulta ng Summative na pasulit at pasulit ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 9.

**Kaugnayan sa pagitan ng resulta ng PASS na pasulit at akademik perpomans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 9.** Sa ginawang pagsusuri ng mga datos hinggil sa kaugnayan sa pagitan ng resulta ng pasulit ng Pass at akademik perpomans ang nakalap na datos ay sumailalim sa makabuluhang pagsusuri gamit ang pearson product moment correlation, at natuklasan na ang walang bisang hypothesis ay tinanggihan.

Ito ay nagpapakita na ang computed value ng  $r$  ay 0.61097 na kung saan ay mas mataas kaysa sa critical value na 0.2523 gamit ang 0.05 na antas ng kabuluhan batay sa 59 na degree of freedom, at ito'y nangangahulugan na mayroong makabuluhang antas ng ugnayan sa pagitan ng resulta ng pasulit ng PASS at Akademik perpomans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 9.

**Makabuluhang antas ng pagsusuri ng baryans sa mga makrong kasanayang pangkomunikasyon sa Summative na pasulit.** Sa pagsusuri ng makabuluhang baryans sa mga makrong kasanayang pangkomunikasyon ng Summative na pasulit natuklasan na ang walang bisang hypothesis ay tinanggihan. Sa ginawang estadistikang pagsusuri natuklasan na ang computed  $f$  na 9.2723 ay mas mataas kaysa sa critical value na 2.6422 gamit ang 0.05 na antas ng kabuluhan batay sa 3 at 240 degree of freedom. Ito'y nagpapahiwatig na mayroong kabuluhang antas ng baryans sa pagitan ng mga makrong kasanayang pangkomunikasyon ng Summative na pasulit.

**Makabuluhang antas ng pagsusuri ng baryans sa mga makrong kasanayang pangkomunikasyon sa PASS na pasulit.** Sa pagsusuri ng makabuluhang baryans sa mga makrong kasanayang pangkomunikasyon ng Summative na pasulit natuklasan na ang walang bisang hypothesis ay tinanggihan. Sa ginawang estadistikang pagsusuri natuklasan na ang computed  $f$  na 20.09763 ay mas mataas kaysa sa critical value na 2.6422 gamit ang 0.05 na antas ng kabuluhan batay sa 3 at 240 degree of freedom. Ito'y nagpapahiwatig na mayroong makabuluhang antas ng baryans sa pagitan ng mga makrong kasanayang pangkomunikasyon ng PASS na pasulit.

## KONGKLUSYON

Batay sa mga natuklasan, ang sumusunod na kongklusyon ay inilalahad:

Sa akademik perormans ng mga mag-aaral sa Filipino 9, nakakuha ng mean na may deskripsyong katumbas na Mas Mahusay, at walang mag-aaral ang nakakuha ng mean na may deskripsyong katumbas na Hindi Umabot sa Inaasahan. Sa ipinakitang resulta, bagamat ang mean ay mas mahusay, dapat pa ring isaalang-alang ang mga mag-aaral na nakakuha ng deskripsyong di-gaanong mahusay. Hangga't hindi pa naaabot ng lahat ang perormans na pinakamahusay ay nangangahulugan lamang na dapat pang paunlarin ng mga mag-aaral ang kanilang akademik perormans.

Sa resulta ng Summative na pasulit ang mga mag-aaral ay nakakuha ng mean na may katumbas na deskripsyong di-gaanong mahusay. Ang kababaan ng naging resulta ng Summative na pasulit ay nagpapahiwatig ng kakulangan ng masteri ng mga mag-aaral sa mga kasanayang

pampagkatuto mula sa mga makrong kasanayang pangkomunikasyon o ang kawalan ng interes lalong-lalo na kung wala silang makitang kabuluhan o kaugnayan ng summative na pasulit sa kanilang akademik perormans.

Sa resulta ng PASS na pasulit, ang mga mag-aaral ay nakakuha ng mean na may katumbas na deskripsyong approaching proficiency. Sa ipinakitang resulta, masasabing mahusay ang perormans ng mga mag-aaral dahil sa mean na approaching proficiency, subalit hindi hanggang approaching proficiency ang mithiin ng paaralan. Isa pa sa dapat na isaalang-alang ay ang deskripsyon na developing. Nangangahulugan lamang na kailangan pa ang ibayo at puspasang pagtuturo at pag-eensayo upang maiangat nang husto ang perormans ng mga mag-aaral at aabot ito sa advanced na siyang patunay na naabot ng mga mag-aaral ang pambansang pamantayan.

Sa resulta ng Summative na Pasulit batay sa antas ng Kompetensi sa mga makrong kasanayang pangkomunikasyon ng mga mag-aaral ay makikitang nangunguna ang Makrong Kasanyan na Wika at Gramitika na nakakuha mean na may deskripsyong Mas Mahusay, Kasanayang Pag-unawa sa Binasa na nakakuha ng Mahusay, Kasanayang Paglinang ng Talasalitaan at Kasanayan sa Pagsulit na nakakuha ng mean na may deskripsyong Hindi Umabot sa Inaasahan. Samakatuwid, naipamamalas ng mga mag-aaral ang galling sa 2 makrong kasanayan na Wika at Gramatika at Pag-unawa sa Binasa.

Sa resulta ng ugnayan sa pagitan ng resulta ng summative na pasulit at pinal na akademik perormans ng mga mag-aaral, ang summative na pasulit ay nakakuha ng mean na may katumbas na deskripsyong di-gaanong mahusay, samantalang ang pinal na akademik perormans ay nakakuha ng mean na may katumbas na deskripsyon na mas mahusay. Ito ay nangangahulugan na walang ugnayan ang isa't isa.

Sa resulta ng ginawang pagtutuos ng mga datos mayroong ugnayan sa pagitan ng resulta ng summative na pasulit at PASS na pasulit ng mga mag-aaral, ang summative na pasulit ay 78.64%, samantalang ang mean ng PASS na pasulit ay 53.84%. Ito'y nagpapahiwatig na mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng resulta sa PASS na pasulit at Summative na pasulit. Nangangahulugan ito na ang perormans ng mga mag-aaral sa Summative na pasulit ay nagpapakita ng di-gaanong mahusay na perormans, samantalang sa Pass na pasulit ay nagpapakita ng mahusay na perormans.



Sa resulta ng ginawang pagtutuos ng mga datos mayroong makabuluhang antas ng ugnayan sa pagitan ng resulta ng PASS na pasulit at Pinal na Akademik Perpormans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 9. Ang mean ng PASS na pasulit ay 53.84% samantalang ang mean ng Pinal na Akademik Perpormans ay 85.94%. Ito'y nangangahulugan na ang kanilang perpormans sa PASS na pasulit ay approaching proficiency, samantalang sa Pinal na Akademik Perpormans ay mas mahusay.

Batay sa resulta, may makabuluhang antas ng pagkakaiba sa resulta sa pagitan ng PASS na pasulit at Summative na pasulit batay sa antas ng kompetensi ng mga makrong kasanayang pangkomunikasyon na Pag-unawa sa Binasa. Ang mean ng Summative ay 82.51% kung ihahambing sa PASS na pasulit na may 55.25%. Ito'y nangangahulugan na ang Summative na pasulit ay nasa antas ng kompetensi na mahusay at ang PASS na pasulit ay nasa antas ng kompetensi na approaching competency.

Batay sa resulta may makabuluhang pagkakaiba sa resulta sa pagitan ng Summative na pasulit at PASS na pasulit sa makrong kasanayang pangkomunikasyon na Paglinang ng Talasalitaan. Ang Summative na pasulit ay nakapagtamo ng 72.85%, samantalang ang PASS na pasulit ay nakapagtamo ng mean na 59.49%. Ito'y nangangahulugan na ang antas ng kompetensi ng mga mag-aaral sa makrong kasanayan na Paglinang ng Talasalitaan sa Summative na pasulit ay hindi umabot sa inaasahan at sa PASS na pasulit ay approaching proficiency.

Batay sa resulta, may makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagitan ng Summative na pasulit at PASS na pasulit batay sa antas ng kompetensi sa makrong kasanayan na pagsulat. Ang Summative na pasulit ay nakapagtamo ng mean na 70.66% na may katumbas na deskripsyon na hindi umabot sa inasahan, samantalang ang PASS na pasulit ay nakapagtamo ng mean na 37.15%) na may katumbas na deskripsyon na developing. Sa nasabing resulta ay nagpapakita na sa Summative na pasulit at PASS na pasulit parehong nakapagtala ng napakabaabng perpormans ang makrong kasanayan na pagsulat. Ang mga itinuturong dahilan ay ang katamaran ng mga mag-aaral sa pagsusulat ang kakulangan ng motibasyon o kawalan ng interes na ibahagi ang sariling kaisipan at ang kahinaan sa paggamit ng wikang Filipino sa pagpapahayag ng kaisipan o saloobin.

Batay sa resulta, may makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagitan ng Summative na pasulit at PASS na pasulit sa makrong kasanayan na

Wika at Gramatika. Ang summative na pasulit ay nakapagtamo ng mean na 88.52% na may deskripsyon na mas mahusay, samantalang ang PASS na pasulit ay nakapagtamo ng mean na 54.90% na may katumbas na deskripsyong approaching proficiency. Nangangahulugan ito na sa makrong kasanayang Wika at Gramatika sa summative na pasulit at PASS na pasulit ay parehong nagpapakita ng kagalingan ang mga mag-aaral.

Batay sa resulta, may makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagitan ng Summative na pasulit at PASS na pasulit. Nangangahulugan lamang na kung mataas ang resulta ng Summative na pasulit sa mga makrong kasanayan pangkomunikasyon ay gayundin ang resulta ng PASS na pasulit.

Batay sa resulta, may makabuluhang antas ng baryans sa perormans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 9 sa mga makrong kasanayan sa Summative na pasulit. Ang makrong kasanayan na Wika at Gramatika ay nakapagtamo ng antas ng perormans na mas mahusay, samantalang ang Pag-unawa sa Binasa ay nakakuha ng perormans na mahusay sumunod ang makrong kasanayan na Paglinang ng Talasalitaan at Pagsulat na parehong nakapagtamo ng antas ng perormans na hindi umabot sa inaasahan. Dalawa sa nasabing makrong kasanayan ay masasabing nagkamit ng mataas na antas ng pagkatuto.

Batay sa resulta, may makabuluhang antas ng baryans sa perormans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 9 sa mga makrong kasanayan sa PASS na pasulit. Ang mga makrong kasanayan na Pag-unawa sa Binasa, Paglinang ng Talasalitaan at Wika at Gramatika ay parehong nakakuha ng antas ng perormans na approaching proficiency, samantalang ang makrong kasanayang na Pagsulat ay nakakuha ng antas ng perormans na developing. Ang naunang 3 makrong kasanayan ay malinaw na nakapagtala ng kagalingan ng mga mag-aaral maliban sa pagsulat na lubhang mababa.

## **REKOMENDASYON**

Batay sa mga natuklasan at sa mga kongklusyong nabuo malugod na iminumungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod:

1. Ang paaralan sa pamamagitan ng pangalawang pangulo pang-akademya, punong-guro, tagapag-ugnay ng Filipino at mga guro ng Filipino ay magsagawa ng malalim na muling pagbisita sa Gabay

Kurikulum ng Batayang Edukasyon ng DepEd particular ang mga kasanayang pampagkatuto mula sa mga makrong kasanayan at bibigyang pokus ang pagsasakatuparan ng mapa ng kurikulum na dapat malinang sa bawat markahan.

2. Bubuo ng isang komprehensibo at holistikong Kalinangang Programang Pangguro na magsisilbing pandaya at gabay ng mga guro sa inaasahang mga gawain, tungkulin at gampanin.
3. Bubuo ng programang panlunas na pagtuturo at pang-interbensyon na nakatuon sa akademikong perormans ng mga mag-aaral at matapat na isasakatuparan ng mga guro gamit ang pinaunlad na kurikula sa Filipino upang matugunan ang mga kakulangan at kahinaan sa pagkatuto ng mga mag-aaral lalong-lalo na sa makrong kasanayan na pagsulat.
4. Ang mga guro ay relihiyosong magsusumite ng dinidisenyong arawang plano ng pagkatuto bago ang aktwal na pagtuturo na ang layunin at inaasahang ibubunga ay nakaangkla sa mga kasanayang pampagkatuto mula sa mga makrong kasanayan.
5. Ang mga tiyak na kasanayang pampagkatuto ay malinaw na nakasulat sa talahanayan ng ispesipikasyon at sa mismong papel-pasulit sa tuwing magkakaroon ng pamperyodikong pagsubok upang matiyak na ang pasulit na binuo at ang talahanayan ay magkaugnay at tugma sa hinihinging kasanayang pampagkatuto.
6. Ang mga guro ay magsagawa ng aytem analisis sa bawat pagsubok upang masuri kung alin sa mga pagsubok ang masyadong mahirap ang antas ng pagtatanong, kung alin ang dapat iwaksi at ang dapat manatili.
7. Ang paaralan sa pamamagitan ng punong-guro at tagapag-ugnay sa Filipino ay magsasagawa ng mentoring program sa pamamagitan na regular na pagpupulong, komperensya at feedbacking sessions lalo na pagkatapos ng bawat pagmamasid upang mapaunlad ang komunidad ng propesyunal na pagkatuto at masiguro na ang lahat ng gawain ay matapat na naisasakatuparan ayon sa mga pamantayang hinihingi.
8. Ang paaralan sa pamamagitan ng punong-guro at tagapag-ugnay ay kinakailangang magsagawa ng regular na pagsusubaybay sa pamamagitan ng pagmamasid sa klase at maging seryoso sa ebalwasyon kaugnay sa perormans ng guro upang matiyak ang kalidad ng pagtuturo at ang matapat na pagsasakatuparan sa

mga kasanayang pampagkatuto na nakaangkla sa DepEd na mga kompetensi na siyang ginagamit sa PASS na pasulit at sa iba pang pampamantayan na pasulit.

9. Ang mga guro ay kinakailangang magsagawa ng paunang pagsusulit bago pa ang paglalahad ng mga aralin upang mataya ang inaasahang ibubunga nito sa mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, magkakaroon ng hinuha ang mga guro kung hanggang saan ang lawak ng kaalaman ng mga mag-aaral at nang mabigyan sila ng angkop na pagtataya at pagpapaunlad ng aralin na siyang tutugon sa kanilang pangangailangan sa mga standard na pagsusulit.
10. Ang mga guro sa Filipino ay kinakailangang sumailalim sa regular na pagsasanay at mga lingkurang pagsasanay kaugnay sa mabisang pagtuturo sa pamamagitan ng iba't ibang paggamit ng dulog at pamamaraan, paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo at presentasyon, pakikitungo at pangangasiwa ng klase, pagbubuo ng pasulit at pagtataya nang sa gayon magkaroon sila ng mga kasanayang pang-ika-21 siglo at maihanda sila sa pandaigdigang pakikipagsabayan.
11. Ang mga guro sa Filipino ay kinakailangang sumailalim sa formation seminar upang maipaunawa kanila ang mahahalagang gampanin ng isang guro sa paghubog ng isang mag-aaral, na ang pagtuturo ay hindi lamang simpleng propesyon kundi ito ay isang bokasyon. Pinapanday nito ang kabuang pagkatao ng isang mag-aaral kung kaya ang pagtuturo ay isa-puso.
12. Ang resulta ng anumang pampamantayang pagsusulit ay isasama sa akademik perormans ng mga mag- aaral upang mabigyan ng halaga at kabuluhan ang kanilang pakikilahok sa anumang pampamantayangpagsusulit at mas lalo silang maganyak na ibigay ang kanilang pinakamagaling na perormans.
13. Ang paaralan ay kinakailangang bigyang-diin ang pagkakaroon ng pamantayang pagporma sa pagkatao ng mag-aaral nang sa gayon ay malinang nang husto at mapagtibay ang pagpapahalagang pagkatao at pananaw ng mga mag-aaral kaugnay sa pagkakaroon ng mga pasulit ayon sa pamantayan katulad ng PASS, APSA, NAT at NCAE.
14. Ang resulta ng pag-aaral na ito kaugnay sa pagsusuri sa perormans ng mga mag-aaral sa PASS na pasulit at Summative

na pasulit ay ilalahad sa mga kinauukulang guro bago matapos ang taong panuruan upang mabigyan sila ng kaukulang impormasyon at makagawa ng angkop na aksyon o hakbangin tungo sa mas lalong pagpapabuti at pagpapaunlad hindi lamang sa perormans ng mga mag-aaral kundi pati na ang paghahanda ng mga guro sa kanilang pagtuturo.

15. Ang paaralan sa pamamagitan ng punong-guro, guidance counselor at tagapag-ugnay ay magsasagawa ng malawakang pagpapalaganap ng impormasyon sa pamamagitan ng paglalahad ng resulta ng pag-aaral na ito sa mga stakeholders.
16. Ang karagdagang pag-aaral kaugnay nito ay kinakailangang isagawa upang matiyak ang iba pang mga sanhi ng mababang perormans ng mga mag-aaral sa PASS na pasulit upang magkaroon ng komprehensibong paraan ng pagpapaunlad hinggil sa perormans ng mga mag-aaral nang sa gayon ay ganap na maisakatuparan ang minimithing pinakamataas na perormans ng mga mag-aaral sa mga pampamantayang pagsusulit.

## **MGA SANGGUNIANG PINAGHANGUAN**

Abudu, K. A., & Gbadamosi, M. R. (2014). Relationship between teacher's attitude and student's academic achievement in senior secondary school chemistry. A case study of Ijebu-Ode and Odogbolu Local Government Area of Ogun state. *Wudpecker Journal of Educational Research*, 3(3), 035-043. Retrieved from <https://bit.ly/3v8v0C5>

Adamos, J.L., & De Guzman, E. S., (2018). Assessment of Learning. Quezon City. Adriana Publishing Co. Inc. Psychology in Education.

Battle, J., & Lewis, M. (2013). The increasing significance of class: The relative effects of race and socioeconomic status on academic achievement. Retrieved from *Journal of Poverty*, 6(2),21-35.

Ryan, M., & Bourke, T. (2013). The teacher as reflexive professional: Making visible the excluded discourse in teacher standards. *Discourse: Studies in the cultural politics of education*, 34(3), 411-423.

- Cradler, J., McNabb, M., Freeman, M., & Burchett, R. (2002). How Does Technology Influence Student Learning. *Learning and leading with technology*, 29, 46. Retrieved from <https://bit.ly/3v95mNO>
- Deci, E. L., & Ryan, R. M. (2002). Self-determination research: Reflections and future directions. Retrieved from <https://bit.ly/3FINtu0>
- DepEd Order no.31, series of 2012.Guidelines on the implementation of Grades 1-10 of the k-to 12 Basic Education Curriculum
- Dunn, R.S., Beaudry, J.S., & Klavas, A. (1989). Survey of research on learning styles. *Educational Leadership*, 46, 50-58. Retrieved from <https://bit.ly/3iWEawl>
- Ewetan, T. O., & Ewetan, O. O. (2015). Teachers' Teaching Experience and Academic Performance in Mathematics and English Language in Public Secondary Schools in Ogun State, Nigeria. *International Journal of Humanities, Social Sciences and Education*, 2(2), 123-134. Retrieved from <https://bit.ly/3mOOat1>
- Gardner, H. (1983). *The theory of multiple intelligences*. Heinemann. Retrieved from <https://bit.ly/3v8U1NK>
- Lanier, J. T. (2018). *Redefining the role of the teacher: It's a multifaceted profession*. Edutopia. Retrieved from <https://edut.to/3v3sv44>
- Lansangan, M. L. G., Quiambao, D. T., Baking, E. G., Nicdao, R. C., Nuqui, A. V., & Cruz, R. C. (2015). CORRELATES OF STUDENTS' ACADEMIC PERFORMANCE IN INTERMEDIATE LEVEL. *Management*, 1(2), 1-7. Retrieved from
- Moraña, M. M., Edaño, D. C., & Punzalan, E. M. D. (2017). Achievement test and academic performance in mathematics of second year high school students in the division of Zambales, Philippines. *International Journal of Development Research*, 7(1), 11272–11277. Retrieved from <https://bit.ly/3oXbLdD>
- Piaget, J. (1968). Six Psychological Studies. Anita Tenzer (Trans.), New York: Vintage Book Practice Alerts, 8.

Republic Act No.10533 known as Enhanced Basic Education Act of 2013.  
Retrieved from <http://www.gov.ph/2013/05/15republic-act-no-10533>.

Republic Act No.9155 The governance of Philippine Basic Education Act  
of 2001

Republic Act No.10029 known as “The Psychology Act of 2009

Salman, S.A., & Balogun, T.A. (2015). A Comparative Study of Students’  
Academic Performance in Language and Literature Courses: English  
and French Languages in Focus. Retrieved from <https://bit.ly/2YEgTs6>

Sillins, H.C. & Harvey, R. (2015). What makes a good senior secondary  
school? *Journal of Educational Administration*. 34.7(20150:329-345.  
Retrieved from <https://bit.ly/2X7o5g1>

Singh, S. P., Malik, S., & Singh, P. (2016). Research paper factors affecting  
academic performance of students. *Indian Journal of Research*, 5(4),  
176-178. Retrieved from <https://bit.ly/3Al33m0>

Vygotsky, L. (1934). Zone of Proximal Development. Retrieved from  
<https://goo.gl/My3orD>